Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala**

JUL 30 2024

**MEMORANDUM PANSANGAY**

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA AT PAMBANSANG KASAYSAYAN 2024

Sa: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Punong Tagamasid, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
OIC-Punong Tagamasid, Sangay ng Pamamahala at mga Gawain ng Paaralan
Mga Pampublikong Punong-guro sa Sekondarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Kalakip nito ang liham ni Bb. Sarah P. Bendaña, Tumatayong Pinuno ng Kagawaran ng Turismo, Kalinangan at ng mga Sining mula sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na may petsang Hulyo 19, 2024 tungkol sa pagsasagawa ng patimpalak sa ***Sabayang Pagbigkas at Katutubong Sayaw*** sa darating na Agosto 31, 2024 sa SM Center Muntinlupa.

2. Magsisimula ang pagpapatala sa Hulyo 29 – Agosto 2, 2024 sa ganap na ika-8:00 ng umaga hanggang ika-3:00 ng hapon sa Tanggapan ng TCAD sa Gusali ng Plaza Central para sa Sabayang Pagbigkas at sa Museo ng Muntinlupa para sa Katutubong Sayaw.

3. Kalakip nito ang mekaniks ng mga kompetisyon para sa inyong sanggunian.

4. Ang panuntunan sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuing Compliance Therewith.*

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

**VIOLETA M. GONZALES**
Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Nanunungkulang Opisyal
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

CONTESTS LEARNERS LEARNING AREA, FILIPINO & MAPEH

JABC-ECE / Buwan ng Wikang Pambansa at Pambansang Kasaysayan 2024
246 Hulyo 29, 2024


Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
8805-9935, 8805-9940
sdo.muntinlupa@gmail.com
deped-muntinlupa.com

C 117

Republic of the Philippines
**CITY GOVERNMENT OF MUNTINLUPA**
**Tourism, Culture, and the Arts Department** (TCAD)

SDO MUNTINLUPA CITY
RECORDS UNIT
RECEIVED
BY: EVELYN N. DINGAL

Hulyo 19, 2024

**Gng. VIOLETA M. GONZALES**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

**Sa pamamagitan ni: G. Dr. JOHN ALBERT B. COLLE**
Education Program Supervisor - Filipino

Mahal na Gng. Gonzales:

Sa nalalapit na selebrasyon ng **Buwan ng Wikang Pambansa at Pambansang Kasaysayan 2024**, ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng Kagawaran ng Turismo, Kalinangan, at ng mga Sining (TCAD) at Museo ng Muntinlupa, ay magdaraos ng patimpalak sa **Sabayang Pagbigkas** at **Katutubong Sayaw** para sa ating mga mag-aaral at guro.

Kaugnay nito, kami ay malugod na humihingi ng inyong suporta upang maipabatid at maimbita ang mga paaralan na lumahok. Ang kompetisyon ay gaganapin sa **Agosto 31, 2024**, sa **SM Center Muntinlupa**. Ang pagpapatala ay magsisimula sa **Hulyo 29 hanggang Agosto 2, 2024.**

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Bb. Kyle Bejasa:

a) sulatroniko : tcad@muntinlupacity.gov.ph
b) teleponong bilang : 8528-1146

Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**SARAH P. BENDAÑA**
Tumatayong Pinuno
Kagawaran ng Turismo, Kalinangan at ng mga Sining

TCAD Reference No. : 2024–345|kgb

3F Plaza Central Building, Katihan Extension corner National Road, Poblacion, Muntinlupa City, Philippines 1773
Telephone: 8736-3581 | Email: tcad@muntinlupacity.gov.ph

MUN Muntinlupa Nakakaproud!

## MEKANIKS PARA SA KOMPETISYON NG SABAYANG PAGBIGKAS

1. Ang mga kalahok ay mga **mag-aaral na nasa sekondarya (baitang 7-12)** na magmumula sa pampubliko at pribadong paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa.
2. Kinakailangang magsumite ng pagpapatunay buhat sa Punong-guro ng Paaralan na pinapayagan sumali sa patimpalak.
3. Ang bawat paaralan ay mayroon lamang **isang (1) grupo** na isasali na binubuo ng **dalawampung (20) estudyante** bawat grupo.
4. Ang unang **sampung (10) pangkat** lamang ang tatanggapin batay sa tuntunin ng **"First Come, First Served Basis".**
5. Isang piyesa lamang ang gagamitin na mayroong pamagat na **"Filipino: Wika Ng Saliksik" ni G. Patrocinio V. Villafuerte.** Ang aming tanggapan ang magbibigay ng kopya ng piyesang gagamitin sa araw ng pagpapatala.
6. Pinapahintulutan ang paglalapat ng himig, tunog, o awitin at pagkakaroon ng *choreography* ngunit kinakailangang magkaroon ng *tech-person* sa araw ng pag-tatanghal.
7. **Pito hanggang sampung minuto (7-10)** lamang ang oras ng pagtatanghal. Bawat lalabis na minuto ay mayroong kabawasang isang punto buhat sa kabuuang markang nakuha.
8. Tatanggapin ang anumang kasuotang angkop sa piyesa.
9. Ang mga kalahok ay huhusgahan ayon sa:

| **PANUNTUNAN** | **BAHAGDAN (%)** |
|---|---|
| Interpretasyon | 40% |
| Presentasyon | 60% |
| Kalidad, Indayog at Kaisahan ng tinig | 40% |
| Kasuotan, Props at iba pang sangkap | 10% |
| Dating sa Madla | 10% |
| **TOTAL** | **100%** |

10. Ang mga Kalahok ay tatanggap ayon sa:

| **GANTIMPALANG SALAPI** | |
|---|---|
| Kampyon + Tropeyo | 15,000.00 |
| Ikalawang Pwesto + Tropeyo | 10,000.00 |
| Ikatlong Pwesto + Tropeyo | 7,000.00 |
| Natatanging Kasuotan | 3,000.00 |
| Pakonswelo | 3,000.00 |

11. Ang pagpapatala ay magsisimula sa **Hulyo 29 - Agosto 2, 2024, 8:00 ng umaga – 3:00 ng hapon lamang**. Ang pagpapatala sa **Sabayang Pagbigkas** ay sa **TCAD Office, Plaza Central Building, Poblacion, Muntinlupa**, hanapin si Ms. Kyle Bejasa.
12. Matapos magparehistro, hindi na papayagan ang pag-baback out nang walang makatwirang dahilan.
13. Ang araw ng kompetisyon ay sa **Agosto 31, 2024**, na gaganapin sa **SM Center Muntinlupa.**
14. Ang desisyon ng mga hurado ay **PINAL AT MANANAIG**.

**MEKANIKS PARA SA KOMPETISYON NG KATUTUBONG SAYAW**

1. Ang mga kalahok ay mga **guro** na magmumula sa pampubliko at pribadong paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa.
2. Kinakailangang magsumite ng pagpapatunay buhat sa Punong-guro ng Paaralan na pinapayagan sumali sa patimpalak.
3. Ang bawat paaralan ay mayroon lamang **(1) isang grupo** na isasali na binubuo ng hindi lalagpas sa **labinlimang (15)** miyembro.
4. Ang unang **sampung (10) pangkat** lamang ang tatanggapin batay sa tuntunin ng ***"First Come, First Served Basis".***
5. Ang bawat pangkat ay bubunot ng uri ng sayaw sa araw ng pagpapatala.
6. Ang aming tanggapan ang magbibigay ng piyesa ng tugtog at literatura ng sayaw, mangyari lamang na magdala ng *flashdrive* sa araw ng pag-papatala.
7. Kinakailangang magkaroon ng *tech-person* ang bawat pangkat sa araw ng pagtatanghal.
8. Ang mga kalahok ay huhusgahan ayon sa mga sumusunod:

| **PANUNTUNAN** | **BAHAGDAN (%)** |
|---|---|
| Wastong Interpretasyon | 40% |
| Kaangkupan ng Kasuotan sa Sayaw | 20% |
| Presentasyon | 30% |
| Eksekyusyon | 15% |
| Pagkakasabay-sabay | 15% |
| Hikayat sa Madla | 10% |
| **TOTAL** | **100%** |

9. Ang mga Kalahok ay tatanggap ayon sa:

| **GANTIMPALANG SALAPI** | |
|---|---|
| Kampyon + Tropeyo | 15,000.00 |
| Unang Pwesto + Tropeyo | 10,000.00 |
| Ikalawang Pwesto + Tropeyo | 7,000.00 |
| Natatanging Kasuotan | 3,000.00 |
| Pakonswelo | 3,000.00 |

10. Ang pagpapatala ay magsisimula sa **Hulyo 29 - Agosto 2, 2024, 8:00 ng umaga – 3:00 ng hapon lamang**. Ang pagpapatala sa **Katutubong Sayaw** ay sa **Museo ng Muntinlupa**, hanapin si G. Arnel Enriquez.
11. Matapos magparehistro, hindi na papayagan ang pag-baback out nang walang makatwirang dahilan.
12. Ang araw ng kompetisyon ay sa **Agosto 31, 2024**, na gaganapin sa **SM Center Muntinlupa.**
13. Ang desisyon ng mga hurado ay **PINAL AT MANANAIG**.